Advisory No. 134, s. 2017
Hunyo 28, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA AT PANITIKANG FILIPINO SA IKA-21 SIGLO NG *INSTITUTE OF CONTINUING PROFESSIONAL GROWTH AND DEVELOPMENT CO.*

Ang *Institute of Continuing Professional Growth and Development Co.* ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika at Panitikang Filipino sa Ika-21 Siglo* na may temang *Wika at Panitikang Filipino: Daluyan ng Kasanayang Kinakailangan ng mga Mag-aaral sa Ika-21 Siglo* sa mga sumusunod na petsa at lugar:

Petsa	Lugar
Hulyo 7-9, 2017	Camarines Norte
Agosto 11-13, 2017	Candelaria, Quezon
Agosto 25-27, 2017	Cagayan de Oro City
Setyembre 1-3, 2017	Quezon City
Setyembre 28-30, 2017	Cebu City

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. Maipaliwanag ang makabagong estilo at estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino;
2. Mailahad ang mga kasanayang dapat matamo ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika at panitikang Filipino; at
3. Maganyak ang mga kalahok na ilapat sa pagtuturo ang mga makabagong estratehiya at estilo na angkop sa kanilang mga mag-aaral.

Ang mga kalahok sa seminar-worksyap na ito ay mga *education program supervisor* sa Filipino, punongguro, *head teacher*, *master teacher*, guro sa *Junior* at *Senior High School*, mga propesor, lektyurer sa kolehiyo at mga interesadong guro at indibidwal mula sa pampubliko at pampribadong paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

G. Arjay G. Tarrobago
Tagapangasiwa ng Seminar
Institute of Continuing Professional Growth and Development Co.
Potot, Libmanon, Camarines Sur
Mobile: 0948-686-5361; 0950-836-2384
Email: jhayro123@yahoo.com